## MGA ORAS NG PAGBUBUKAS:

**Setyembre hanggang Abril**
9 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes hanggang Biyernes
Mayroong available na mga ginagabayang tour sa pamamagitan lamang ng pagpapareserba

**Mayo hanggang Agosto**
9 a.m. hanggang 5 p.m. araw-araw,
kabilang ang mga araw ng Sabado at Linggo at holiday.
Ang mga ginagabayang tour ay inaalok sa buong araw.

*Mayroon ding mga remote na tour*

## MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

**Impormasyon tungkol sa tour at mga pagpapareserba**
**Email:** tour-visite@scc-csc.ca
**Telepono:** 613-995-5361
**Walang bayad:** 1-866-360-1522

**Mga pangkalahatang katanungan**
**Email:** reception@scc-csc.ca
**Tel:** 1-888-551-1185

The Supreme Court of Canada
301 Wellington Street
Ottawa ON, K1A 0J1

## MANATILING NAKAKONEKTA!

scc-csc.ca

## KASAYSAYAN



Ang Korte Suprema ng Canada ay itinatag noong 1875, mahigit 100 taon pagkatapos lumabas ng mga unang hukuman sa Canada sa kasalukuyan. Ngayon, tumatayo ang Hukuman bilang pinal na hukuman para sa apela sa sistemang hudisyal ng Canada.

Umupo ang Hukuman sa mga gusaling Parlamento hanggang sa lumipat ito sa sarili nitong maliit na dalawang palapag na gusali sa ibaba ng Parliament Hill, na inokupa nito sa pagitan ng 1882 at 1946. Ngayon, mayroon plake sa kanto ng mga kalye ng Bank at Wellington kung saan dating nakatayo ang gusali. Ang konstruksyon ng kasalukuyang gusali ng Hukuman ay nagsimula noong 1939. Ginawang pag-aari ng Hukuman ang bagong gusali nito noong Enero 1946 pagkatapos ng mga pagkaantalang idinulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at pinakinggan ang unang kaso nito noong Pebrero 5, 1946.

Sa simula ay binubuo ang Hukuman ng anim na hukom. Noong 1927, tumaas ang bilang ng mga hukom sa Korte Suprema at naging pito, at naabot ng Hukuman ang kabuuan nito sa kasalukuyan na siyam na miyembro noong 1949. Sa siyam na hukom, iniaatas ng *Supreme Court Act* na tatlo ang mahirang mula sa Quebec. Naging tradisyon na ng Gobernador sa Konseho na maghirang ng tatlong hukom mula sa Ontario, dalawa mula sa mga probinsya sa Kanluran o Hilagang Canada at isa mula sa mga probinsya sa Atlantic. Ang sinumang hukom ng superyor na hukuman o abogado na may katayuan na hindi bababa sa 10 taon sa kapisanan ng probinsya o teritoryo ay maaaring mahirang bilang hukom sa Korte Suprema ng Canada. Nakaupo sa puwesto ang mga hukom ng Korte Suprema hanggang sa sila ay magretiro o umabot sa edad na 75 taong gulang.

Ang gusali ng Korte Suprema ay idinisenyo ng arkitekto ng Montréal na si Ernest Cormier. Mayroon itong dalawang pinto na gawa sa tanso sa nakakamanghang malaking bulwagan na pasukan. Mayroong silid ng hukuman sa bawat dulo ng pasilyo, na ang isa ay ginagamit ng Pederal na Hukuman at ang isa pa ay ginagamit ng Pederal na Hukuman para sa Apela. Ang pangunahing silid ng hukuman ay ginagamit lamang ng Korte Suprema at inookupa ang gitna ng gusali sa unang palapag sa itaas ng ground floor.

## ALAM MO BA?

Sa silid ng hukuman, kadalasang nagsusuot ang mga hukom ng itim na togang seda. Mayroon din silang matingkad na pulang toga na panseremonya na may puting Canadian mink na isinusuot nila sa mga espesyal na okasyon tulad ng seremonya ng pagtanggap para sa bagong hukom at pagbubukas ng bagong sesyon sa Parlamento.

Ang batong panulukan ng gusali ng Korte Suprema ng Canada ay may nakaukit na maling petsa. Inilagak ni Reyna Elizabeth ang batong panulukan ng bagong gusali noong kasama niya ang kanyang asawang si Haring George VI, noong Mayo 20, 1939. Naiplano ang seremonya para sa Mayo 19, 1939, ngunit ipinagpaliban noong nahuli ang hari at reyna habang nasa barko.

# ANG KORTE SUPREMA NG CANADA







SCC-CSC.CA







TAGALOG
SCC-CSC 2024

## HUDISYAL NA GAWAIN NG HUKUMAN

Ang Korte Suprema ng Canada ay ang pinakamataas na hukuman ng Canada. Pinaglilingkuran nito ang mga taga-Canada sa pamamagitan ng pagpapasya sa mga legal na isyu na mahalaga sa publiko, na nag-aambag sa pagpapaunlad ng lahat ng sangay ng batas sa Canada. Bilingguwal ang Hukuman, na ang ibig sabihin ay pinagsusumikapan at pinagpapasyahan nito ang mga kaso sa Ingles at Pranses. *Bijural* din ito, na ang ibig sabihin ay pinagpapasyahan nito ang mga kaso mula sa dalawang legal na tradisyon ng Canada, ang karaniwang batas at sibil na batas. Pinakikinggan ng Hukuman ang mga kaso sa lahat ng aspeto ng batas, kabilang ang konstitusyonal na batas, administratibong batas, batas sa krimen at batas para sa mga pribadong indibidwal.

Sa karamihan sa mga batas, ang panig na nagnanais na iapela ang desisyon ng mas mababang hukuman ay kailangang humingi ng pahintulot, o mag-apela, sa Hukuman. Pakikinggan lamang ng Korte Suprema ang mga kasong itinuturing ng mga hukom na mahalaga sa publiko.


Ang mga desisyon ng Hukuman ay hindi kinakailangang nagkakaisa. Ang mayorya ng mga hukom ay maaaring magpasya at ang minorya ang magbibigay ng dahilan sa pagtutol. Ang bawat hukom ay maaaring sumulat ng mga dahilan sa anumang kaso kung pipiliin niyang gawin



ito. Ang mga hatol ay inilalathala nang magkakasabay sa parehong opisyal na wika. Sa ilang pagkakataon, ibibigay ng Hukuman ang desisyon nito nang pasalita sa katapusan ng pagdinig, ngunit kadalasan, ipinapaantala nito ang pagpapasya upang magbigay-daan para makapagsulat ang mga hukom ng mga detalyadong dahilan.

Ang Korte Suprema ay nagdaraos ng tatlong sesyon kada taon. Ang bawat sesyon ay nagtatagal ng tatlong buwan at isinasagawa sa panahon ng taglagas, taglamig at tagsibol. Karaniwang umuupo ang Hukuman mula Lunes hanggang Biyernes, simula 9:30 a.m. at ang mga pagdinig ay bukas sa publiko. Tingnan online ang iskedyul ng pagdinig upang makita kung kailan nasa sesyon ang Hukuman at upang magreserba ng puwesto sa silid ng hukuman.

## MAPA NG PALAPAG NG SILID NG HUKOM




## ALAM MO BA?

Kung ang gobernador heneral ay hindi kayang tuparin ang kanyang mga tungkulin ng mahigit sa isang buwan, ang punong hukom ang magiging administrador ng Pamahalaan ng Canada at gagamitin ang lahat ng kapangyarihan at awtoridad ng gobernador heneral.

- May dalawang tagdan ng bandila sa harap ng gusali. Ang bandila ng Canada ay itinataas araw-araw sa tagdan na pakanluran. Ang Korte Suprema ay nakawagayway lamang sa silangang tagdan kapag ang Hukuman ay nasa sesyon. Nilikha ang bandilang ito gamit ang mga tampok ng pal-atandaang sagisag ng Hukuman, na iginawad noong 2021.

- Ang dalawang estatuwang nakatayo sa magkabilang panig ng harapang hagdan ay tinatawag na sina *Veritas* (Katotohanan) at *Ivstitia* (Katarungan). Nilikha ang mga ito ng eskultor na si Walter S. Allward mula 1913 hanggang 1920 upang maging bahagi ng monumento para kay Haring Edward VII, ngunit hindi kailanman nagamit. Natagpuan ang mga estatuwa pagkalipas ng halos 50 taon at itinayo sa kasalukuyan nitong lugar noong 1970.